Paano mababawasan ang konsumo ng LPG?

Mayroong iba't-ibang pamamaraan para mabawasan ang konsumo ng LPG:

- Pag nagluluto, ugaliing ihanda muna lahat ng mga sangkap bago sindihan ang kalan.
- Makatitipid ka sa inyong LPG sa pamamagitan ng pagtakip sa mga lutuan habang nagluluto. Ang pagtakip sa niluluto ay nakapagpapabilis ng pagluluto at napapanatili pa ang lasa ng niluluto.
- Ugaliing patayin muna ang kalan kung di na kailangan. Sindihan na lang ulit kung kinakailangan.
- Gumamit ng lutuan (kaserola, kaldero o kawali) na pareho ang laki ng burner ng kalan. Halimbawa gumamit ng maliit na lutuan para sa maliit na burner.
- Iwasang mag-init ng tirang pagkain sa kalan. Kung mayroong microwave, mas matipid po itong gamitin kaysa sa mag-init sa kalan.
- Bawasan ang paglagay ng sobra-sobrang tubig o sabaw sa kinakailangan. Mas maraming sabaw, mas matagal ang pagluluto at mas malaki ang konsumo ng LPG.

A consumer reminder from the

CONSUMER WELFARE AND PROMOTION OFFICE
DEPARTMENT OF ENERGY
Ground Floor, Annex Building
Energy Center, Fort Bonifacio,
Taguig City, M.M.
Telefax: (02)840 -2267
Trunkline : (02) 840-1401 to 21 loc. 329

OIL INDUSTRY MANAGEMENT BUREAU
DEPARTMENT OF ENERGY
4th Floor, PNOC Building 6
Energy Center, Fort Bonifacio,
Taguig City, M.M.
Telephone: (02) 840 -2158 / 840 - 2130
Trunkline : (02) 840-1401 to 21 loc. 127 / 122

You may also text in your suggestions, comments, queries and complaints.
Just type : DOE <space> <message>
and then send to 2920
(for Globe and Smart subscribers only)

Check our website at:
www.doe.gov.ph

January 2006

Consumer Talk . . .

Mga dapat malaman tungkol sa

Tangke ng LPG

DEPARTMENT OF ENERGY

- Lahat ng mga marka na nasa collar o kuwelyo ng tangke tulad ng:
  - *Petsa ng paggawa ng tangke o petsa kung kelan sinuri*
  - *PS/ICC Mark*
  - *Bigat ng tangke kung walang laman o Tare Weight*
  - *Serial Number*

  ay dapat nakaukit o permanenteng nakatatak.
- Siguraduhing mayroong selyo ang balbula ng tangke na kapareho ng brand name o pangalan ng may-ari ng tangke.
- Ang tare weight na nakamarka sa tangke ay dapat nakapinta at may taas ang mga letra ng isa't kalahating pulgada o mahigit.
- Ang brand name o pangalan ay dapat nakapinta sa tangke na madaling makita at dapat nakalagay din ang neto na timbang.
- Ang nakahinang na parte sa gitna ng tangke (sa pagitan ng upper at lower caps) ay dapat makinis. Ang magaspang na pagkakahinang ay nangangahulugang ginawa ito sa mga illegal na repair shop. Ito ay delikadong gamitin.
- Ang collar at footring ay dapat nakahinang at hindi nakaturnilyo lang.



Malpractices sa Pagbebenta ng LPG

- **Pagbebenta ng kulang sa timbang**
  Ang 11kg na tangke ng LPG ay dapat na may laman at ibinebenta na may laman na 11 kgs.
- **Di tama at o walang nakalagay na tare weight (TW)**
  Ang TW na naka-stamp sa collar at nakapinta sa tangke ay dapat magkapareho.
- **Mga luma o mababang klase ng tangke**
  Ugaliing i-tsek ang ilalim ng tangke kahit na bagong pintura ang tangke. Dito malalaman kung luma na o bago pa ng tangke.
- **Sira o may tagas na balbula ng tangke**
  I-test kung may tagas ang balbula sa pamamagitan ng pagpunas ng tubig na may sabon bago ikabit sa regulator at LPG hose.
- **Illegal na pag refill ng tangke**
  I-tsek ang mga marka o logo/selyo sa balbula ng tangke kung magkapareho ng brand name na nakalagay sa tangke. Ang mga tangke na walang selyo ay hindi dumaan sa quality control at delikadong gamitin.